


### Pagpepreserba sa mga Serbisyong mga Kinakailangan sa Lungsod


Dahil sa pagkakapaso ng mga naaprubahan ng mga botante na lokal na mga hakbang at epekto ng COVID-19 sa buwis ng mga benta, buwis sa hotel, mga bayarin at iba pang pinagkukunan ng benta, ang lungsod ay kasalukuyang humaharap sa hindi birong pagkalugi ng kita sa susunod na apat na taon. Upang mapanatili ang piskal na kakahayan sa pagbabayad ng utang at walang anumang bagong mapagkukunan ng kita, kinakailangan ng Lungsod na permanenteng bawasan ng humigit kumulang na \$11 na milyon ang susunod na apat na taon, na nagrerepresenta ng halos 17% ng kasalukuyang tumutakbong badyet ng Pangkalahatang Pondo ng Lungsod ng Union.

### Ano ang katumbas ng \$11 na milyon?


**90% NG KONTRATA SA  
KAGAWARAN NG SUNOG NG  
LALAWIGAN NG ALAMEDA**



**39% NG BADYET NG  
KAGAWARAN NG PULISYA NG  
LUNGSOD NG UNION**



**86% NG PANGKALAHATANG BADYET  
PARA SA GAWAING PAMPUBLIKO,  
KAGAWARAN NG MGA SERBISYONG  
PANG-KOMUNIDAD AT LIBANGAN AT  
NG PAGPAPAUNLAD NG KOMUNIDAD  
AT KAGAWARAN NG MGA SERBISYO  
NG KOMUNIDAD AT LIBANGAN,  
KABILANG ANG MAGKASAMANG  
MGA SERBISYONG PANGKABATAAN  
AT PANGPAMILYA**



### Ano ang \$11 na milyon sa binawasang mga serbisyo?

- Pagsasara ng mga sentro ng komunidad at malakihang pagbabawas sa pagproprograma ng libangan.
- Kawalan ng kakayahan na ayusin ang mga lubak at pagpapanatili ng maayos na mga kalsada
- Kawalan ng kakayahan na panatilihin malinis ang mga parke at walang bandalismo at pagkasira.
- Matinding pagbabawas sa pampublikong seguridad, kabilang ang kakulangan sa abilidad na tumugon sa kalidad na isyu ng buhay (katulad ng pagkawala ng tirahan at pangongontrol sa mga hayop) at, 24-oras na pagkawala ng kuryente sa mga himpilan ng bumbero;
- Pagtanggap ng pag-iibas sa karahasan sa mga kabataan at mga programa ng pamamagitan sa mga droga at gang.

### Alamin kung paano hinigpitan ng Lungsod ang kanyang *fiscal belt*

Makatuturang mga pagbabawas ang ginawa bago at bilang tugon sa COVID-19, kabilang ang pagsasara ng hindi masyadong nagagamit na himpilan ng bumbero, pagpapahinto sa mga bakanteng posisyon, pagbabawas ng mga oras ng aklatan, pagtanggap ng pag-iikot ng pulis sa komunidad at mga opisyal ng school resource, at paggamit ng mga reserba ng kungsod upang makatulong sa pagpondo ng mga puwang. Sa kabuuan, ang Lungsod ay nagbawas ng mga serbisyo ng milyun-milyong mga dolyar sa mga nahuling mga taon. Ang paglulutas ng inaasahang karagdagang \$11 na milyon na puwang sa badyet ay mangangailangan ng makatuturang mga pagbabawas na hiwalay pa sa hindi birong pagbabawas ng mga serbisyong na naisagawa na.

### Tungkol sa Measure WW (Utility Users' Tax)

Kabilang ang input ng publiko, nilagay ng Konseho ng Lungsod ang Measure WW – isang pansamantalang *utility user tax* – sa balota sa Nobyembre 3, 2020. Ang pinanukalang 5% *utility user tax* ay ipapataw sa mga serbisyo ng kuryente, gasolina, bidyo at telekomunikasyon. Ang hakbang na ito ay magbibigay ng mga \$6.1 na milyon na karagdagang pondo na maaaring makapapreserba ng serbisyong kinakailangan ng lungsod. **Ang mga matatanda at residente na mayroong mabababang kita ay karapat-dapat na makatanggap ng eksemsiyon sa buwis.**

### Lokal na kontrol at pananagutan

Ang kita na makakalap sa isang *utility user tax* ay magsasama ng pangangalagang piskal. Ang lahat ng mga pondo ay gagastusin sa lokal upang suportahan ang mga serbisyong kinakailangan sa lungsod at hindi maaaring alisin ng Estado. Ang mga nesyosyo ay magbabayad ng kanilang makatarungang bahagi upang ang mga residente ay hindi kinakailangang saluhin ang paghihirap.

### Tungkol sa mga lokal na pondo na galing sa Measure WW

- Ang pagpapanatili ng serbisyong paramediko at proteksyon sa sunog, ang emerhensyang tugon na 9-1-1 at ang mga programang paghahanda sa emerhensya at kalamidad, kabilang ang para sa krisis sa pampublikong kalusugan.
- Pagsisigurado na ang mga matatanda ay nakakatanggap ng suporta at access sa pagkain sa panahon ng krisis na COVID-19 at habang sa panahon pagbabawi dito.
- Pagpapanatili ng mga parke at kalsada
- Pagprepreserba ng pagiwas sa karahasan ng kabataan at mga programang namamagitan sa droga at gang upang mapanatiling wala sa mga kalsada ang mga bata at mapanatili ang seguridad ng komunidad ang mga bata

Pagkakahanay sa Istratehikong Plano ng Lungsod

**Layunin A: *Magbunsod ng kalusugan ng piskal sa pamamagitan ng disiplinadong pangmatagalang pagpapalano, kontrol sa gastos, pinataas na kahusayan, pagtaas ng kita at pagbawi ng gastos.***